

Ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 vaccines

Ang pagpapabakuna ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang protektahan ang iyong kalusugan. Ipinapakita ng mga ebidensya na ang mga bakuna laban sa COVID-19 na ginagamit sa Canada ay napakabisa sa pagpigil sa malubhang karamdaman, pagpapaospital, at pagkamatay.

Mahalagang manatiling up to date sa mga pagpapabakunang inirerekomenda para sa iyo, kabilang ang mga booster na dosis. Sa paglipas ng panahon, mabawasan ang proteksyon mula sa mga bakuna laban sa COVID-19. Ang booster ay nagpapaalala sa iyong immune system kung paano protektahan ang sarili nito at tumutulong na mapahusay ang bisa ng bakuna laban sa malubhang karamdaman.



Bagama't maaaring magbigay ng kaunting proteksyon ang dating impeksyon sa COVID-19, inirerekomenda pa rin ang up-to-date na pagpapabakuna kabilang ang mga booster na dosis upang makapagbigay ng mas matagal na proteksyon at mas mahusay na bisa. Makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan para sa higit pang impormasyon tungkol sa pinakamainam na panahon upang mabakunahan pagkatapos ng impeksyon.

Ang kundisyon pagkatapos ng COVID-19 ay tumutukoy sa mga mas pangmatagalang epekto na nararanasan ng mga tao pagkatapos ng kanilang impeksyon sa COVID-19. Hindi namin alam kung ano ang nagdudulot ng kundisyon pagkatapos ng COVID-19, kaya ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ito ay magsagawa ng mga hakbang upang maiwasang magkaroon ng COVID-19, gaya ng pagpapabakuna at pagsunod sa mga hakbang sa pampublikong kalusugan.

Pag-apruba sa mga bakuna



Masusing susuriin ng mga manufacturer ang mga bakuna laban sa COVID-19 sa panahon ng pagbuo sa mga ito. Pagkatapos, masusing susuriin ng Health Canada ang bawat isa.

Aaprubahan lang ang mga bakuna upang magamit sa Canada kung matutugunan ng mga pagsusuri ang mahihigpit na pamantayan sa kaligtasan, bisa, at kalidad ng Health Canada. Patuloy na masusing susubaybayan ng mga awtoridad sa kalusugan ang mga bakuna laban sa COVID-19 kapag naaprubahan na ang mga ito upang makatulong na matiyak ang ligtas na paggamit ng mga ito.

Mga uri ng mga bakuna



Ang mga mRNA na bakuna ang mga inirerekomendang bakuna para sa karamihan ng mga tao sa Canada.

Ang ganitong uri ng bakuna ay nagbibigay ng impormasyong kailangan ng iyong mga cell upang gumawa ng coronavirus protein. Ang protein ay nagti-trigger ng immune response ng katawan upang makatulong na magbigay ng proteksyon laban sa pagkahawa sa virus na nagdudulot ng COVID-19, at laban sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman. Bagama't nababawasan ng pagpapabakuna ang posibilidad ng impeksyon sa COVID-19, maaari ka pa ring mahawahan kahit na pagkatapos ng pagpapabakuna laban sa COVID-19.

Kung hindi ka maaaring tumanggap ng mRNA na bakuna laban sa COVID-19, inaprubahan din ng Canada ang iba pang uri ng mga bakuna laban sa COVID-19, kabilang ang mga viral vector, protein subunit, at plant-based vaccine. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o awtoridad sa pampublikong kalusugan tungkol sa kung naaangkop sa iyo ang iba pang opsyon sa bakuna.

Patuloy na paigtingin ang mga indibidwal na hakbang sa pampublikong kalusugan



Ang mga bakuna at hakbang sa pampublikong kalusugan ay patuloy na nagiging mahalaga upang makatulong na protektahan ang iyong kalusugan at ang kalusugan ng iba, lalo na ang mga taong nanganganib sa malulubhang resulta mula sa COVID-19. Ang mga hakbang na ito ay pinakamabisa kapag pinagsama-sama, kabilang ang pananatili sa bahay kapag may sakit, pagsusuot ng respirator o mask, at pagpapahusay sa panloob na bentilasyon.

Alamin ang impormasyon. Bisitahin ang Canada.ca/covid-vaccine upang matuto pa.

